**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA**
**College of Arts and Sciences – Department of Arts and Communication**
Bachelor of Arts in Philippine Arts
PA 199 - Research Methods in Philippine Arts
Prof. Odessa Joson

**Paksa 1:**

Pagsusuri sa Kalagayan at Pamamaraan ng Konserbasyon at Renobasyon ng mga Makasaysayang Estruktura sa Las Piñas Historical Corridor

**Pagpapakilala sa Paksa:**

Ang Las Piñas Historical Corridor ay tahanan ng iba't ibang makasaysayang estruktura sa lumang distrito ng Las Piñas. Bilang pagpreserba ng mga naiwang bakas ng Spanish colonial heritage at para palakasin ang turismo at kamalayan sa kultura ng mga residente at mga bisita, pinasimulan ng noo'y Kinatawan na si Manny B. Villar Jr. noong Pebrero 22, 1995 ang Las Piñas Historical Corridor Project. Sa pamamagitan nito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga pamamaraan ng konserbasyon at renobasyon na ginagamit sa Las Piñas Historical Corridor at ang epekto nito sa turismo at kamalayan sa kultura ng komunidad.

**Katanungan ng Pananaliksik:**

1. Ano ang mga umiiral na pamamaraan ng konserbasyon at renobasyon na ginagamit sa mga estruktura sa Las Piñas Historical Corridor?
2. Paano napapanatili ang pagka-orihinal at kultural na halaga ng mga makasaysayang estruktura sa pamamagitan ng konserbasyon at renobasyon?
3. Ano ang epekto ng konserbasyon at renobasyon ng mga estrukturang ito sa turismo at kultural na kamalayan ng komunidad sa Las Piñas?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Tukuyin ang mga pamamaraan ng konserbasyon at renobasyon na ginagamit sa mga estruktura sa Las Piñas Historical Corridor.
2. Suriin ang epekto ng mga pamamaraang ito sa pagka-orihinal at kultural na halaga ng mga estruktura.
3. Ihambing ang mga natukoy na pamamaraan sa Restoration Theory ni Gustavo Giovannoni upang malaman kung alin ang ginagamit at kung paano ito nakakaapekto sa konserbasyon.
4. Pag-aralan ang epekto ng konserbasyon at renobasyon ng mga estruktura sa turismo at kultural na kamalayan ng komunidad sa Las Piñas.
5. Magbigay ng rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng konserbasyon at renobasyon ng mga makasaysayang estruktura sa Las Piñas Historical Corridor.

**Paksa 2:**

Pagpapanatili ng Sining ng Paggawa ng Parol sa Las Piñas: Isang Pagsusuri sa Proseso at Kultural na Kahalagahan

**Pagpapakilala sa Paksa:**

Ang Las Piñas ay tinaguriang Parol Capital ng Metro Manila dahil kilala ang bayan sa paggawa ng parol at pagpapanatili ng mahalahang tradisyon na nagbubuklod sa komunidad tuwing Pasko. Isa ang 'Samahang Magpaparol ng Las Piñas' sa nagpapatuloy ng pagpapalaganap ng sining na ito, na nagpapahayag ng diwa ng Pasko at kultural na identidad ng mga Pilipino. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang proseso at kultural na kahalagahan ng paggawa ng parol sa komunidad.

**Katanungan ng Pananaliksik:**

1. Ano ang mga hakbang sa proseso ng paggawa ng tradisyonal na parol sa Las Piñas?
2. Paano nakaaapekto ang paggawa ng parol sa kultural na identidad ng komunidad ng Las Piñas?
3. Anong mga aspeto ng tradisyon ng paggawa ng parol ang nagpapalaganap at nagpapatibay ng diwa ng Paskong Pilipino?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Ilarawan ang hakbang-hakbang na proseso ng paggawa ng parol mula sa tradisyonal hanggang sa modernong pamamaraan.

2. Tukuyin ang mga simbolikong kahulugan ng paggawa ng parol sa Las Piñas bilang paraan ng pagpapahayag ng kultural na identidad.
3. Suriin ang papel ng Samahang Magpaparol sa pagpapanatili ng tradisyong ito at ang suporta ng pamahalaan sa sining ng paggawa ng parol.
4. Gamitin ang Symbolic Interactionism upang ipaliwanag kung paano nakatutulong ang paggawa ng parol sa pagbibigay-kahulugan sa mga kultural na tradisyon ng mga Pilipino.
5. Magbigay ng rekomendasyon sa pagpapanatili at pagpapalawig ng tradisyon ng paggawa ng parol bilang isang mahalagang bahagi ng kultura ng Las Piñas

**Paksa 3:**

Ang Kahalagahan ng Water Lily Arts and Crafts sa Las Piñas: Isang Pagsusuri sa Proseso, Kabuhayan, at Kultural na Epekto sa Komunidad

**Pagpapakilala sa Paksa:**

Ang water lily ay isang halaman na mabilis magparami sa mga ilog, na nagdudulot ng pagbaha at problema sa daluyan ng tubig sa maraming lugar. Bilang solusyon sa bayan ng Las Piñas, ang mga water lily ay ginagawang handicraft na nagbibigay-kabuhayan at nakakatulong sa rehabilitasyon ng komunidad sa ilalim ng Water Lily Weaving Project ng Villar Foundation. Layunin ng pag-aaral na tuklasin ang proseso at kahalagahan ng water lily crafts sa kultura at ekonomiya ng Las Piñas.

**Katanungan ng Pananaliksik:**

1. Paano isinasagawa ang proseso ng paggawa ng mga water lily handicraft (tulad ng basket, bags, bayong, etc.) sa Las Piñas?
2. Ano ang epekto ng proyekto sa kabuhayan at ekonomiya ng mga residente?
3. Paano naiimpluwensyahan ng water lily crafts ang kultural na identidad ng komunidad ng Las Piñas?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Ilarawan ang hakbang-hakbang na proseso ng paggawa ng water lily crafts, mula pag-ani hanggang sa pagtapos ng mga produkto.

2. Suriin ang epekto ng Water Lily Weaving Project sa kabuhayan at ekonomiya ng komunidad ng Las Piñas.
3. Tukuyin ang mga kultural na aspeto at simbolismo ng water lily crafts sa pagpapayaman ng kultura ng komunidad.
4. Gamitin ang Material Culture Theory upang masuri ang papel ng water lily handicrafts sa pagpapahayag ng kultural na kahulugan at identidad.
5. Maunawaan at maipakita kung paano nagiging simbolo ng kultura at pagkakakilanlan ng Las Piñas ang mga water lily handicrafts.

**Paksa 4:**

Semiotikang Pagsusuri sa "Circles in My Mind" ni Pacita Abad: Isang Pag-aaral sa Paglalaro ng Imahinasyon

**Pagpapakilala sa Paksa:**

Ang “Circles in My Mind” ay isang serye ng mga likhang sining ni Pacita Abad na nagtatampok ng mga hugis bilog at iba’t ibang kulay, na sumasalamin sa ating buhay. Sa bawat piraso, iba't ibang kulay at tekstura ang ginagamit upang ipahayag ang mga personal at kultural na pananaw ni Abad. Layunin ng pananaliksik na suriin ang mga bilog bilang simbolo ng kanyang mga karanasan at pananaw, at kung paano ito nagpapahayag ng kasiningan at damdamin.

**Katanungan ng Pananaliksik:**

1. Paano ginagamit ni Abad ang mga biswal na elemento tulad ng kulay at hugis sa seryeng ito upang magpahayag ng mga simbolikong kahulugan?
2. Ano ang mga kultural at personal na interpretasyong naibubuo sa tulong ng Biswal na Semiotikang pananaw ni Barthes at teorya nina Saussure at Panofsky?
3. Paano nakakaapekto ang mga biswal na elemento sa paglikha ng konteksto at damdaming naipapasa sa madla?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang paggamit ng kulay, tekstura, at hugis sa mga bilog ni Abad gamit ang Denotasyon at Konotasyon mula kay Barthes.
2. Tukuyin ang mga simbolo sa "Circles in My Mind" at alamin ang kanilang kahulugan gamit ang ikonolohiya ni Panofsky.
3. Pag-aralan ang masalimuot na kahulugang ipinahahayag ng mga biswal na senyales ayon sa teorya ni Saussure.
4. Makapagbigay ng kontribusyon sa pag-unawa sa papel ng semiotika sa kontemporaryong sining biswal, at kung paano ginagamit ng mga artista ang abstrak na sining upang makipag-ugnayan sa kanilang mga tagapanood.

**Paksa 5:**

Pagsusuri sa Epekto ng South Trading Post sa Pagkakabenta ng mga Lokal na Pilipinong Artista sa Pamilihan ng Sining sa Pilipinas

**Pagpapakilala sa Paksa:**

Ang South Trading Post (STP) ay isang flea market sa Lungsod ng Muntinlupa na nagbibigay ng plataporma para sa mga lokal na artistang Pilipino upang maipakita at maibenta ang kanilang mga sining at likha. Nilalayon nitong palawakin ang abot ng mga lokal na artist sa mas malawak na madla, sa gayon ay nagpapalakas ng pag-unlad ng lokal na komunidad ng sining at pagtataguyod ng ekspresyong artistiko ng mga Pilipino. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin kung paano naaapektuhan ng STP ang kalakalan ng sining sa Pilipinas, partikular sa aspeto ng kakayahang maibenta at maging visible ang mga lokal na artista.

**Katanungan ng Pananaliksik:**

1. Paano nakakatulong ang South Trading Post sa pagpapataas ng visibility at marketability ng mga lokal na artistang Pilipino sa pamilihan ng sining sa Pilipinas?
2. Anong mga benepisyo at hamon ang nararanasan ng mga artistang gumagamit ng STP bilang plataporma para sa pagbebenta ng kanilang likha?
3. Sa anong paraan sinusuportahan ng STP ang promosyon at pagpapanatili ng kontemporaryong sining ng mga Pilipino?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Ilarawan kung paano pinapalakas ng South Trading Post ang visibility at marketability ng mga lokal na artista, at tukuyin ang mga pangunahing salik na nakakaapekto sa marketability ng isang artista sa kontekstong ito.
2. Suriin ang mga benepisyo at hamong nararanasan ng mga artistang gumagamit ng STP, at alamin kung paano nakakaapekto ang mga salik na ito sa kanilang desisyon na makisali sa plataporma.
3. Analisisin kung paano pinapahusay ng STP ang pagpapahalaga ng mga mamimili sa kontemporaryong sining ng Pilipino, at ang papel nito sa pagpapanatili at pagpapakita ng kulturang pamana ng Pilipinas.
4. Ibuod ang mga pananaw mula sa mga natuklasan, at magbigay ng rekomendasyon kung paano mas higit pang masuportahan ng STP ang mga lokal na artista at mapalakas ang epekto nito sa merkado ng sining.